## KASUNDUAN PARA SA INTEGRASYON

**Ano ang Kasunduan para sa Integrasyon?**
Ay ang dokumento na kailangang pirmahan sa Prefettura o sa Questura ng isang migrante na nagmula sa isang bansa na hindi kasali sa European Union (mula edad na 16 na taon pataas), sa unang pagdating niya sa Italia, sa araw ng pagre-request ng permit to stay na hindi bababa sa isang taon.
Ang layunin ng kasunduan ay mapadali ang integrasyon ng isang banyagang mamamayan at ang pag-aaral ng mga pangunahing kaalaman ng Italian Constitution at ang pag-aaral ng wikang Italyano.

Ibe-verify ng Prefettura ang mga credits na naipon sa unang dalawang taon ng mga migrante na dumating sa Italya para sa sumusunod na kadahilanan:
- Trabaho
- pag-aaral
- Elective Residence (piniling paninirahan)
- relihiyon

**Para sa iba pang impormasyon**
www.immigrazione.regione.toscana.it > Area tematica > Accordo di integrazione

## PAGSUSULIT SA WIKANG ITALYANO

**Sino ang dapat kumuha ng pagsusulit sa wikang italyano?**
Kung sinuman ang regular na naninirahan na sa Italya nang hindi bababa sa 5 taon at nais manghingi ng permit to stay CE para sa pang-matagalang pananatili.

**Sino ang hindi dapat kumuha ng pagsusulit sa wikang italyano?**
Mga menor de edad hanggang 14 na taong gulang; mga taong may limitadong kakayahan na makapag-aral ng wika, dahil sa edad, problemang pangkalusugan o handicap; ang sinumang nakakuha ng diploma ng secondary school ng ika-una o ikalawang grado o nag-aaral sa unibersidad o kumukuha ng master's degree o doctorate; ang sinumang kumuha ng kurso at nakapag-aral na ng wikang italyano sa mga "Centri Territoriali Permanenti" at may hawak na certificate para sa kaaalaman ng wikang italyano (na may antas o level A2 o mas mataas pa); mga nagbibigay ng lecture sa mga unibersidad, mga guro sa unibersidad, mga interpreters at mga manunulat (journalists) na may opisyal na pagkilala.

**Paano gagawin ang pagre-request?**
Ang request ay maaari lamang gawin **online**, sa pamamagitan ng Servizio di inoltro telematico delle domande (serbisyo ng pagpapadala ng mga applications online) na matatapuan sa website ng Ministero dell'Interno (Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal): http://testitaliano.interno.it.

**Saan gagawin ang pagsusulit?**
Sa loob ng 60 araw mula sa pagpapadala ng request, magpapadala ang Prefettura ng komunikasyon kung saan nakalagay ang araw, oras at lugar kung saan gagawin ang pagsusulit sa wikang italyano. Ang mga tao na hindi makakarating sa araw ng pagsusulit nang walang matibay na dahilan o ang mga hindi papasa sa pagsusulit ay kailangan maghintay ng 90 araw bago maaaring muling mag-apply.

**Para sa iba pang impormasyon**
www.immigrazione.regione.toscana.it > Area tematica > Test di italiano per permesso di soggiorno UE per soggiornanti di lungo periodo

## SPORTELLO UNICO PARA SA IMIGRASYON

Ang bawat Prefettura o Prefecture ay mayroong Sportello Unico para sa Imigrasyon na nag-aasikaso ng mga sumusunod:
- Ang "ricongiungimento familiare" o pagpe-petisyon ng pamilya upang makapiling sa Italya
- Pagpasok sa Italya para makapag-trabaho
- Pagko-convert ng permit to stay mula sa student's permit upang maging worker's permit
- Ang kasunduan para sa Integrasyon
- Ang pagsusulit sa wikang Italyano

**Ang mga paghingi ng mga serbisyong ito ay maaaring gawin sa pamamagitan ng mga sumusunod:**
- ***Online*:** matatagpuan sa website ng Ministero dell'Interno (Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal): www.interno.it > Immigrazione > Sportello Unico per l'Immigrazione
- **Mga help desks para sa mga migrante:** (tingnan ang listahan ng mga "contact details" sa huling pahina).

### Mga opisina na maaaring kontakin

**Sportello Unico para sa Imigrasyon**
Via Antonio Giacomini, 8 - 50132 Firenze (FI)
Telepono: 055 2783643 - Lunes, Martes, Miyerkoles, Huwebes mula alas 9.00 hanggang 12.00
e-mail: immigrazione.pref_firenze@interno.it
posta certificata: immigrazione.preffi@pec.interno.it

**Questura**
Via della Fortezza, 17 - 50129 Firenze (FI)
e-mail: immigrazione.fi@poliziadistato.it
posta certificata: immig.quest.fi@pecps.poliziadistato.it

**Mga Help Desks para sa mga Migrante**
Para sa pagkumpila at pagpapadala ng mga applications sa pamamagitan ng Servizio Telematico (online services) ng Ministero dell'Interno, maaaring magpatulong sa mga Serbisyong Pang-imigrasyon ng mga Munisipyo o sa mga patronato o mga Asosasyon.
Ang listahan ay maaaring makita sa website ng PAeSI:
www.immigrazione.regione.toscana.it > "Punti informativi per cittadini stranieri"

**MGA MAHAHALAGANG LINK**
www.interno.gov.it
www.prefettura.it/firenze
www.immigrazione.regione.toscana.it

*Progetto cofinanziato da*
Ministero dell'Interno
PREFETTURA DI FIRENZE
MINISTERO DELL'INTERNO

**Fondo Europeo Integrazione per i cittadini dei Paesi terzi 2007-2013**

# Progetto InfoMedia Informazione e Mediazione

**Progetto FEI n.106581 - 2013 - Azione 9 - UTG Capacity Building**



## SPORTELLO UNICO PARA SA IMIGRASYON

## Nulla Osta para sa "Ricongiungimento Familiare" o pagpetisyon upang makapiling ang pamilya

**Sino ang maaaring mag-request nito?**
Sinumang regular na naninirahan sa Italya, nagta-trabaho at may tirahan, ay maaaring magpetisyon upang makapiling ang kanyang mga pamilya.
**Ano ang mga requirements na dapat ihanda ng magpe-petisyon?**

- **Sapat na sweldo:** hindi bababa sa katumbas ng taunang "assegno sociale", na dadagdagan ng kalahati ng halaga nito para sa bawat tao na ipe-petisyon (halimbawa: sa taong 2015, ang kailangang buong taunang sweldo para sa pag-petisyon ng isang kapamilya ay dapat € 8.746,14 at € 11.661,52 para sa 2 miyembro ng pamilya, atbp.)
- **tirahan:** sa oras na maipasok na ang petisyon, kailangang maipakita ang pagkakaroon ng bahay na matutuluyan, sa pamamagitan ng kontrata ng bahay at "certificato di idoneità alloggiativa" (certificate ng pagiging angkop sa regulasyon ng tirahan) na ibinibigay ng Munisipyo (Comune).

**Aling mga myembro ng pamilya ang maaaring i-petisyon?**

- **asawa** na hindi legal na hiwalay at may edad na mula 18 taong gulang
- **mga anak na menor de edad** sa legal na asawa o mga hindi lehitimo, at hindi pa kasal (dapat may consent ang isa pang magulang)
- **mga anak na may edad na higit sa 18 taon na umaasa pa rin sa magulang,** ngunit sa natatanging kondisyon na hindi niya kayang mamuhay mag-isa dahil sa malubhang karamdaman (lubos na imbalido).
- **mga magulang na sinusuportahan:**
    - **hanggang sa 65 taon:** kung wala silang ibang anak sa pinang-galingang bansa at sila ay lubusang nakadipende sa anak na nasa Italya (dapat ay wala silang sariling kinikita)
    - **mahigit sa 65 taon:** kung ang ibang anak ay walang posibilidad na masustentuhan ang mga magulang dahil sa **malubhang kadahilanan na pangkalusugan,** na kokontrolin ng Italian Embassy sa bansang panggagalingan.

**Ano ang gagawin kapag nakarating na sa Italya ang kapamilya na pinetisyon?**
**Sa loob ng 8 araw mula sa pagdating sa Italya ng migrante**: makipag-ugnayan sa Sportello Unico para sa Imigrasyon upang humingi ng appointment para sa pagre-request ng permit to stay ng kamag-anak na dumating sa Italya.

**Ano ang dapat gawin pagkatapos ng appointment sa Prefettura – Sportello Unico para sa Imigrasyon?**
Pumunta sa mga sumusunod na lugar:

- **Poste Italiane**: Ipadala ang postal kit na naglalaman ng request para sa pagkakaroon ng permit to stay ng kapamilya
- **Munisipyo ng Kinatitirahan:** mag-request ng pagpapatala ng paninirahan sa Anagrafe
- **ASL:** mag-request ng pagpapatala sa Pambansang Serbisyo para sa Kalusugan
- **Questura:** pumunta sa araw ng appointment para sa finger print at pagkuha ng permit to stay

**Para sa iba pang impormasyon**
www.immigrazione.regione.toscana.it > Area tematica > Ricongiungimento familiare

## PAGPASOK SA ITALIA PARA SA TRABAHO BILANG EMPLEYADO

**Paano?**
Kailangang magkaroon ng VISA para sa pagtatrabaho. Upang makamit ang VISA, kailangang mayroong amo, italyano man o foreigner na regular na naninirahan sa Italya, na interesadong tanggapin sa trabaho ang isang trabahador na naninirahan sa ibang bansa.

**Ano ang dapat gawin ng amo?**

- Maghintay ng "decreto-flussi" na nagdidikta kung hanggang ilan ang pinakamataas na bilang ng mga mamamayang estranghero na hindi kabilang sa european union na pinapayagang makapasok sa Italya taun-taon upang makapagtrabaho.
- humingi ng "nullaosta per lavoro" sa pamamagitan lamang ng Servizio di inoltro telematico delle domande (serbisyo ng pagpapadala ng mga applications online) na matatagpuan sa website ng Ministero dell'Interno (Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal): https://nullaostalavoro.interno.it
- Hintayin ang "convocazione" o ang pagtawag na magpunta sa Sportello Unico para sa Imigrasyon na nasa Prefettura upang isumite ang mga dokumento at pagkatapos ay kuhanin ang nullaosta na kailangang ipadala sa trabahador na nasa ibang bansa.

**Ano ang dapat gawin ng trabahador?**

- **matapos matanggap ang nullaosta mula sa amo:** kumuha ng VISA mula sa Embahada o Konsulado sa kanyang bansa.
- **sa loob ng 8 araw mula sa pagdating sa Italya:** makipag-ugnayan sa Sportello Unico para sa Imigrasyon sa Prefettura upang humingi ng appointment para sa paghingi ng permit to stay.

**Ano ang dapat gawin ng isang trabahador pagkatapos ng appointment sa Prefettura - Sportello Unico para sa Imigrasyon?**
Magpunta sa mga sumusunod na lugar:

- **Poste Italiane:** Ipadala ang postal kit na naglalaman ng request para sa pagkakaroon ng permit to stay ng kapamilya
- **Munisipyo ng Kinatitirahan:** mag-request ng pagpapatala ng paninirahan sa Anagrafe
- **ASL:** mag-request ng pagpapatala sa Pambansang Serbisyo para sa Kalusugan
- **Questura:** pumunta sa araw ng appointment para sa finger print at pagkuha ng permit to stay

**Para sa iba pang impormasyon**
www.immigrazione.regione.toscana.it > Area tematica > Lavoro Subordinato

## PAGKO-CONVERT (PAGPAPALIT) NG PERMIT TO STAY MULA SA KADAHILANAN NG PAG-AARAL PATUNGONG PAGTATRABAHO BILANG EMPLEYADO O SELF-EMPLOYED

**Sino ang maaaring magpa-convert ng permit to stay mula sa dahilan ng pag-aaral patungong pagtatrabaho?**
Kung sinuman ang mayroong permit to stay para sa pag-aaral na kasalukuyang may bisa pa at mayroong amo na interesadong kuhanin siya bilang empleyado o kaya naman ay kung may intensyon siya na mag-umpisa ng pansariling aktibidad.

**Paano ito gagawin?**
Maghintay ng "decreto-flussi" na nagdidikta kung hanggang ilan ang pinakamataas na bilang ng mga mamamayang estranghero na hindi kabilang sa european union na pinapayagan, taon-taon, na makapag-convert ng sariling permit to stay mula sa dahilan ng pag-aaral patungong pagtatrabaho.

**Mahalagang Tandaan**: kung ang estudyante ay nag-labing walong taon sa Italya o kaya naman ay nakapagtapos sa unibersidad sa Italya at nagkamit ng "laurea" o "post-laurea", ang pagpapalit ng tipo ng permit to stay ay maaring i-request sa anumang sandali sa loob ng taon.

**Ano ang dapat gawin ng estudyante?**

- mag-request ng "conversione" o pagpapalit ng tipo ng permit to stay sa pamamagitan lamang ng Servizio di inoltro telematico delle domande na matatagpuan sa website ng Ministero dell'Interno (Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal): https://nullaostalavoro.interno.it
- Hintayin ang "convocazione" o ang pagtawag na magpunta sa Sportello Unico para sa Imigrasyon na nasa Prefettura upang isumite ang mga dokumento at pagkatapos ay kuhanin ang awtorisasyon upang makapag-convert.

**Ano ang dapat gawin ng isang estudyante pagkatapos ng appointment sa Prefettura - Sportello Unico para sa Imigrasyon?**
Magpunta sa mga sumusunod na lugar:

- **Poste Italiane:** Ipadala ang postal kit na naglalaman ng request para sa pagkakaroon ng permit to stay ng kapamilya
- **Munisipyo ng tirahan:** mag-request ng pagpapatala ng paninirahan sa Anagrafe
- **ASL:** mag-request ng pagpapatala sa Pambansang Serbisyo para sa Kalusugan
- **Questura:** pumunta sa araw ng appointment para sa finger print at pagkuha ng permit to stay

**Para sa iba pang impormasyon**
www.immigrazione.regione.toscana.it > Area tematica > Studio